DEPARTMENT OF EDUCATION

1

# Lingguhang Aralin sa GMRC

Kuwarter 1

Linggo 8

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa GMRC 1**
**Kuwarter 1: Linggo 8**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Eduaksyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | ANALINE C. VERGARA |
| **Tagasuri:** | NIMFA A. HERNAEZ / PRECIOSA N. CABINBIN |
| **Tagaguhit** | |
| **Tagalapat:** | ALDRIN B. MARCELO |

**JOCELYN DR ANDAYA,** *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO,** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**ROLAND MONTES**, GMRC Regional Education Program Supervisor
**NORMINA B. HADJI YUNNOS**, LR Education Program Supervisor

| MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | Ikawalong Linggo | Kuwarter: | 1 |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| A. *Pamantayang Pangnilalaman* | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga sariling karapatan ng bata (Rights of a Child). | | | |
| B. *Pamantayan sa Pagganap* | Naisasagawa ng mag-aaral ang pagbabahagi ng mga sariling karapatan na tinatamasa bilang bata upang malinang ang paggalang | | | |
| C. *Lilinanging Pagpapahalaga* | MAGALANG (RESPECT) | | | |
| D. *Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipakikita ang pagiging magalang sa pamamagitan ng mga angkop na kilos na nagbibigay-halaga sa mga karapatang tinatamasa bilang bata.<br>a. Natutukoy ang mga sariling karapatan ng bata (Rights of a Child) (hal. pangalan, edukasyon, pagkain, tubig, tahanan, pamilya);<br>b. Natutuklasan na ang mga sariling karapatan (Rights of a Child) bilang bata ay nagpapabuti sa kanyang kapakanan; at<br>c. Naipahahayag ang pagiging magalang sa mga karapatan ng bata na kanilang tinatamasa. | | | |
| E. *Mga Layunin* | 1. Nakikilala ang iba't ibang paraan ng hindi paggalang o di pagkilala sa karapatan ng bata | 1. Nakikilala ang mga tagapagtaguyod at tagapagsulong ng karapatan ng mga bata sa komunidad. | 2. Nakagagawa ng mensahe kaugnay ng karapatang tinatamasa | 3. Natutukoy ang buting dulot ng pagtamasa ng Karapatan. |
| F. *Disensyong Instruksyunal* | Context, Connection, Inclusive & Integrative | Context, Connection, Inclusive & Integrative | Context, Connection, Inclusive & Integrative | Context, Connection, Inclusive & Integrative |
| G. *21st Century Skills* | Communication Skills | Communication Skills | Communication Skills | Communication Skills |
| H. *Integrasyon* | SEL, AP | SEL, AP | SEL, AP | SEL, AP |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | **Mga Sariling Karapatan Bilang Bata (Rights of a Child)** | | | |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO | | | | |
|---|---|---|---|---|
| A. *Mga Sanggunian* | MATATAG Curriculum Guide | MATATAG Curriculum Guide | MATATAG Curriculum Guide | MATATAG Curriculum Guide |
| B. *Iba pang Kagamitan* | https://www.canva.com/design/DAGJTkrXrhY/aRRziOlxFsu0li__PLY3Wg/edit<br><br>BAWAT BATA by APO HIKING SOCIETY - YouTube<br><br>BAWAT BATA - YouTube<br><br>bawat bata may pangalan at karapatan - YouTube | **"Ako ay Isang Komunidad"**<br><br>*https://youtu.be/mjkx2rzW8R8*<br><br>https://www.pngegg.com/en/png-bfsio/download<br><br>https://static.imoney.ph/articles/wpcontent/uploads/2019/06/barangay-halle1561104687141.png | https://www.canva.com/design/DAGJHrVT08A/IycD4ex1jtYwSw2NLDgPvg/edit?utm_content=DAGJHrVT08A&utm_campaign=designshare&utm_medium=link2&utm_source=sharebutton<br><br>https://www.canva.com/ | https://www.canva.com/design/DAGJYfaOUFs/XEQhIzIf0sg1lPzW4kXcpA/edit |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | **1. Balik-aral**<br><br>Pag-usapan ang nakaraang aralin tungkol sa iba't ibang karapatan ng mga bata gamit ang mga larawan. | 1. **Balik-aral:**<br><br>Balikan ang aralin tungkol sa pagrespeto sa karapatan ng mga bata sa pamamagitan ng mga larawan | 1. **Balik-aral:**<br><br>Balikan ang paksa tungkol sa mga kasama sa komunidad na katulong sa pagsulong ng mga karapatan ng bata gamit ang mga larawan sa nakaraang aralin | **1. Balik-aral:**<br><br>Balik-aralan ang paksa tungkol sa mga kasama sa komunidad na tumutulong sa pagsulong ng mga karapatan ng mga bata gamit ang mga larawan. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **2. Pagganyak:**<br><br>Ipaawit ang **“Bawat Bata”** na may kalakip na aksyon<br><br>BAWAT BATA by APO HIKING SOCIETY - YouTube<br><br>BAWAT BATA - YouTube<br><br>bawat bata may pangalan at karapatan - YouTube | **2. Pagganyak:**<br><br>Ipaawit ng may aksyon ang **“Ako ay Isang Komunidad”**<br><br>*https://youtu.be/mjkx2rzW8R8*<br><br>Itanong:<br><br>1. Tungkol saan ang awitin?<br><br>2. Ayon sa awitin, sino-sino ang bumubuo sa komunidad?<br><br>3. Maliban sa mga nabanggit, sino-sino pa ang bumubuo sa isang komunidad?<br><br>4. Kayo ba ay nakatira rin sa isang komunidad?<br><br>5. Ano ang masasabi ninyo sa komunidad na iyong kinabibilangan? | **2. Pagganyak:**<br><br>Pagawain ang mga bata ng mensahe gamit ang iba’t-ibang emoji ng pagpapasalamat na kanilang isusulat sa kanilang papel.<br><br>Ito ay kanilang ibibigay kalakip ang yakap o halik sa mga kasama sa bahay na tumutupad sa pagbibigay ng kaniyang Karapatan.<br><br> | **2. Pagganyak:**<br><br>Gamit ang mga poster at collage noong nakaraang aralin, hikayatin ang mga batang magkuwento ng sariling karanasan na may kaugnayan dito.<br><br>Muling awitin ang “**Bawat Bata**,” kasabay ng simpleng galaw o aksyon. |





Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin*<br>*ng Aralin* | Sabihin:<br><br>Habang isinasagawa natin ang aralin, ang bawat isa sa inyo ay inaasahang:<br><br>Nakikilala ang iba't ibang paraan nang hindi paggalang o pagkilala sa karapatan ng bata sa pamamagitan ng pagsuri sa mga larawan | Sabihin:<br><br>Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:<br><br>Makikilala ang mga tagapagtaguyod at tagapagsulong ng karapatan ng mga bata sa komunidad.<br><br>a. Mga magulang o tagapag- alaga ng mga bata<br>b. Mga guro at iba pang empleyado ng paaralan<br>c.Mga opisyal ng barangay ( kasama ang mga barangay health workers) d.Mga pulis at iba pang tagapagpatupad ng batas | Sabihin:<br><br>Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:<br>Nakagagawa ng mensahe kaugnay ng karapatang tinatamasa | Sabihin:<br><br>Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:<br><br>Natutukoy ang buting dulot ng pagtamasa ng Karapatan. |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto*<br>*sa Aralin* | Gagamitin ng guro ang mga salita sa simpleng pangungusap upang magabayan ang mga bata na maibigay ang kahulugan nito.<br>➢ Karapatan –<br>➢ Respeto –<br>➢ Paggalang –<br>➢ hindi paggalang o pagkilala | Maglaro ng "Buoin Mo" gamit ang mga sumusunod na salita.( Word Puzzle)<br><br>1. Komunidad<br>2. Opisyal<br>3. Empleyado<br>4. Batas<br>5. Kapitan | Gagamitin ng guro sa mga simpleng pangungusap ang bawat salita upang magabayan ang mga bata na maibigay ang kahulugan nito. Maaaring magbigay ng halimbawa o magpakita ng larawan ang guro. | Gagamitin ng guro sa mga simpleng pangungusap ang bawat salita upang magabayan ang mga bata na maibigay ang kahulugan nito.<br><br>➢ Masayang buhay<br>➢ Payapa ang kalooban |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | Panuto:<br>➢ Maghanda ng limang hugis tatsulok at parisukat na gawa sa papel o karton<br>➢ Magsulat ng hanggang limang salita mula sa sumusunod sa mga hugis tatsulok<br><br>**Karapatan Laro Kalusugan**<br>Simulan ang gawain kung malinaw na sa mga bata ang gawain.<br>Basahin kasama ng mga bata ang mga salita at kahulugan nito. | ➢ Mensahe<br>-collage/poster<br> | ➢ Malusog<br>➢ Dagdag kaalaman<br>➢ Napauunlad ang kakayahan |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | A. Pag-usapan ang awiting "Bawat Bata"<br>1. Ano ang sinasabi sa awitin?<br>Posibleng sagot:<br>- Ang bawat bata ay may karapatan<br>2. Ano-ano ang karapatang binanggit sa awit?<br>Posibleng sagot<br>- Makapaglaro<br>- Mahalin | Ipakita sa mga bata ang larawan ng isang komunidad<br><br>[https://www.pngegg.com/en/png-bfsio/download](https://www.pngegg.com/en/png-bfsio/download) | Ipakita ang poster na nagsasaad ng mga karapatan ng bata.<br><br>img_20200208_102313-2_0.jpg (2234×1597) (voicesofyouth.org) | Ipakita ang mga larawan.<br><br> |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 3. Sa iyong palagay, ano kaya ang dapat gawin sa mga karapatang ito?<br><br>*(Maaaring tanggapin ang anumang sagot ng mga bata na may kaugnayan sa tanong. Ipaliwanag ito sa abot ng kaalaman ng mga bata)*<br><br>C. Ipakita sa mga bata ang larawan. Bigyan ang mga ito ng ilang minuto upang masuring mabuti ang larawan.<br><br><br><br> | Itanong:<br>Ano ang ipinapakita sa larawan?<br><br>1. Sino-sino ang mga bumubuo sa komunidad ayon sa larawan?<br><br>2. Ano ang masasabi ninyo sa uri ng komunidad na nasa larawan? Bakit ninyo ito nasabi?<br><br>3. Sa iyong palagay, Katulad din b anito ang iyong komunidad? Bakit?<br><br>4. Sino-sino kaya ang mga kasama natin sa komunidad na tumutulong sa pagsulong ng karapatan ng mga bata? | <br><br>https://i.pinimg.com/originals/08/51/5a/08515a06cdc7a93845b9561a50b885ec.jpg<br>Itanong:<br>1. Ano ang ipinakikita ng poster at ng collage?<br><br>2. Mayroon ba itong ibinibigay na mensahe? Ano kaya ito?<br><br>3. Kailangan bang may mensaheng ipaabot ang mga ganitong larawan? Bakit?<br><br>4. Mahalaga ba ang mensaheng ipaabot ng mga ito? | 1. Ano ang ipinahihiwatig ng bawat larawan?<br><br>Mga posibleng sagot<br>➢ batang nagaaral mabuti<br>➢ mga magkakaibigan<br>➢ batang masaya kasama ang nanay at tatay<br><br>2. Paano ninyo ito nasabi?<br><br>Mga posibleng sagot<br>• Sila ay nagsusulat<br>• Akap ng nanay at tatay<br>• Masaya ang kanilang mga mukha<br><br>Ang inyong mga sagot ay ilan lamang sa buting dulot ng mga karapang inyong tinatamasa. |




Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br> | | | |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | **Tanong sa Pagkatuto:**<br>Gabayan ang mga bata sa pagsagot sa bawat katanungan.<br>(Sa bahaging ito ay kinakailangan ang pagiging sensitibo at maingat na pagtanong ng guro sa mga bata.<br>*(Kinakailangan din na maayos na naproseso ang bawat sagot ng mga bata)* | Ipakita ang sumusunod na larawan. Magbigay ng ilang tanong tungkol dito.<br>1.<br><br>h -<br>GCa_y6IGPQ0/Vb8d7JTUBXI/AAAAAAAAFSA/9yT6u7OUc50/s1600/Happy%2Bfamily.jpg | **Isagawa:**<br>➢ Ipalabas sa mga bata ang mga dinalang kagamitan sa pagbuo ng poster o collage.<br>➢ Gamit ang mga kagamitang dala ng mga bata, gabayan silang makagawa ng poster o collage<br>➢ Magbibigay ang guro ng malinaw na panuto sa pagsasagawa ng gawain<br>➢ Gagamit ng | **Tanong sa Pagkatuto:**<br>Gabayan ang mga bata sa pagsagot sa bawat katanungan.<br>**Itanong:**<br>Mga bata, ano ang nararamdaman ninyo kapag may nakita kayo sa daan ng batang hindi nag-aaral? |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 1. Ano ang nakita ninyo sa mga larawan?<br>2. Ano kaya ang ipinahihiwatig ng bawat larawan?<br>3. Dapat bang maranasan ng mga bata o ng kahit sino man ang ganitong sitwasyon? Bakit?<br>4. Tingnan ang ikatlong larawan? Paano kaya maiiwasan ang mga ganitong sitwasyon? | **Itanong:**<br>Ang mga nasa larawan ay ang mga taong nangangalaga sa kapakanan ng pamilya. Sino sila?<br><br>Posibleng sagot:<br>➢ Ama<br>➢ Ina<br>➢ Magulang<br>➢ Kapatid<br>➢ tiyahin<br><br>**2.**<br><br>https://static.imoney.ph/articles/wpcontent/uploads/2019/06/barangay-halle1561104687141.png<br>Siya ang namumuno sa isang barangay. Sino siya?<br><br>Posibleng sagot:<br>➢ Barangay Captain<br>➢ Kapitan | rubrics ang guro sa pagmamarka sa gawain ng mga bata.<br><br>➢ Dito ay malaya rin ang guro kung gagawing isahan o pangkatan na gawain.<br><br>➢ Isasagawa ang gawain kung malinaw na ang lahat sa mga bata.<br><br>➢ Bigyan ng sapat na oras ang mga bata sa pagsasagawa nito.<br><br>➢ Gabayan ang mga bata upang matapos ang gawain.<br><br>➢ (Maaaring ipagpatuloy ang gawain sa susunod na araw kung hindi ito matapos sa itinakdang oras) | **Sabihin:**<br><br>Tama, maaaring kayo ay nalulungkot din. Kaya kayo ay magpasalamat dahil kayo ay nasa loob ng paaralan at nag-aaral.<br><br>(Dito ay magpapakita ng larawan ang guro) Magkakaroon din ng malayang talakayan upang mapalalim pa ang pagkatuto ng mga bata.) |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | 3.<br><br>**Itanong:**<br>Dinadagdagan niya ang ating kaalaman. Sa paaralan siya matatagpuan. Sino siya?<br><br>Posibleng sagot:<br>➢ Titser<br>➢ Si mam<br>Guro<br>Source: Larawan mula sa DepEd Commons<br>4.<br><br>[https://www.philstar.com/headlines/2021/05/10/2097208/pnp-vows-verify-](https://www.philstar.com/headlines/2021/05/10/2097208/pnp-vows-verify-) | | <br><br><br> |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | nanlaban-cases-boot-dirty-cops<br>Itanong:<br>Siya ang nangangalaga sa ating kaligtasan at kapayapaan. Sino siya?<br><br>Sagot:<br>➢ pulis<br><br>Sabihin:<br><br>(Ang mga nasa larawan ay ilan lamang sa mga kasama natin sa komunidad na nagsusulong ng mga karapatan ng mga bata. Kailangan nating huwag matakot sa kanila. Kailangan din nating silang igalang at pagkatiwalaan<br><br>Itanong:<br><br>Gabayan ang mga bata sa pagsagot sa bawat katanungan.<br><br>1. Bakit mahalaga sila sa ating komunidad?<br><br>2. Ano kaya ang mangyayari kung wala tayong kasama sa komunidad na nagsusulong ng ating mga karapatan? | | **Sabihin:**<br><br>Ating isa-isahin kung ano-ano ang nilalaman ng mga larawan.<br><br>1. batang nag-aaral<br>2. mga batang naglalaro<br>3. mga batang gumagawa ng *experiment*<br>4. pamilyang nagkakantahan o nagkakasiyahan |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapalalim ng Kaalaman*<br>*at Kasanayan sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | **Ipaliwanag:**<br>May mga pagkakataong ipinagkakait ang karapatan ng mga bata. Halimbawa sa mga ito ay ang sumusunod:<br><br>> Ang pagkakait sa mga bata ng isang buo at masayang pamilya.<br>>Ang kawalan ng maayos at disenteng tahanan.<br>>Ang hindi pagbibigay sa mga bata ng masustansya at sapat na pagkain.<br>>Ang hindi tamang pagbibigay ng atensyong medikal upang matiyak ang kanilang kalusugan.<br>>Ang kawalan ng sapat na edukasyon<br>>Ang hindi pagbibigay ng isang ligtas na kapaligiran<br>>Ang pangmamaliit at pagsasalita ng hindi tama sa mga bata.<br>>Ang hindi pagbibigay ng sapat na oras upang makapaglaro at makapaglibang.<br>>Ang pagkakait sa kanila ng pagmamahal, pag-aaruga, at pagkalinga.<br>(*Maaaring magbigay ang guro ng mga karagdagang kaalaman sa bahaging ito ng aralin*) | Ano ang mga karapatan ng mga bata na isinusulong ng mga tagapagtaguyod sa komunidad na nasa larawan? Ikahon ang tamang sagot.<br>1.<br><br>➢ EDUKASYON<br>➢ KALUSUGAN<br><br>2.<br><br>➢ KALIGTASAN<br>➢ MAKAPAGLIBANG | Iulat sa klase ang natapos na gawain ng mga bata. Sabihin kung ano ang mensaheng nais ipaabot ng obrang kanilang nagawa. | Gamit ang mga larawan itanong ang sumusunod:<br><br>1.Sa unang larawan, Anong Karapatan ninyo ang pinakikita dito? Mabuti ba ito? Ano ang dulot o naibibigay sa inyo ng pag-aaral? Masaya ba kayo sa tinatamasa ninyong Karapatan?<br><br>Posibleng sagot;<br>Karapatang mag-aral,<br>Opo mabuti po ito.<br>Natututo silang magbasa, magsulat, magbilang, atbp.<br>Masaya po kami.<br><br>2. Isunod ang pangalawa, ikatlo, at ikaapat na larawan.<br><br>-. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | 3.<br><br><br>➢ KAAYUSAN SA KOMUNIDAD<br>➢ MAAYOS NA TIRAHAN<br><br>4.<br><br>➢ MAAYOS NA KALUSUGAN<br>➢ MASAYANG PAMILYA | | |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | 5.<br><br>➢ KALUSUGAN<br>➢ KAPAYAPAAN | | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Mga bata, inyong tandaan na ang bawat bata ay may karapatan. ang inyong mga karapatan ay dapat na nirerespeto. May mga magagawa tayo upang maiwasan ang hindi pagpapahalaga sa iyong mga karapatan. May mga taong handang tumulong upang maiwasan ang mga ito.<br>**Itanong:**<br>Ano ang iyong natutuhan sa ating aralin ngayon? | Mga bata, tandaan na may mga<br>kasama tayo sa komunidad na katulong sa pagsulong ng mga karapatan ng mga bata. Huwag tayong mahiya o matakot na lumapit sa kanila kung kailangan.<br><br>**Itanong:**<br><br>Sino-sino ang kasama natin sa komunidad na katulong sa pagsulong ng karapatan ng mga bata? Magbigay ng halimbawa.<br>a. Mga magulang na | Ang bawat bata ay may karapatan. Maaaring ipaabot ang mensahe ng pagsulong nito sa iba't ibang pamamaraan.<br><br>**Itanong:**<br>Ano ang iyong gagawin kung may gusto tayong sabihin ukol sa ating mga karapatan?<br><br>Posibleng sagot:<br><br>Isulat o sabihin ang mensahe at ibigay sa guro, magulang atbp. | Gawain:<br>Ipaskil muli ang mga larawan sa pisara o ang ppt ng guro.<br>(Ang bawat larawan ay may numero)<br><br>Panuto:<br>1.Piliin mula sa larawan ang pinakagusto ninyong ginagawa.<br>2. Isa-isahin ang mga dahilan.<br>3. Isulat ang mga sagot sa pisara.<br><br>Posibleng sagot: |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | tagapag- alaga ng mga bata<br>b. Mga guro at iba pang empleyado ng paaralan<br><br>c. Mga opisyal ng barangay ( kasama ang mga barangay health workers)<br><br>d. Mga pulis at iba pang tagapagpatupad ng batas | | Ika-apat na larawan<br>Masaya ako kapag kami ay nagkakantahan ng aking pamilya.<br>Nahahasa ang aking talento sa pag-awit.<br>Payapa ang aking puso kapag magkakasama kami ng aking pamilya<br>Gusto ko po ng masya ang king nanay o tatay<br>4 Ulitin ito sa lahat ng larawan. Pagkatapos ay ipabasa sa mga bata ang mga nakasulat sa pisara.<br><br>Sabihin:<br>Nalaman natin na karamihan sa inyo ay nauunawan at pinahahalagahan ang buting dulot ng mga karapatang ito. Ang lahat ay masaya at nakakaranas nito sa kanilang araw-araw na pamumuhay. |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Panuto;<br>Suriin ang mga larawan. Lagyan ng tsek (/) kung pinahahalagahan ang karapatan ng bata at ekis (X) naman kung hindi.<br><br>_____ 1.<br><br><br>____ 2.<br> | Panuto:<br>Babasahin ng guro ang mga pangungusap. Kulayan ng Pula ang puso kung ito ay tama at Asul naman kung hindi.<br><br>1.Tinitiyak ng mga magulang ang karapatan ng mga bata sa pagkakaroon ng masaya at buong pamilya.<br><br>2. Ginagampanan ng mga pulis ang karapatan ng mga bata sa pagkakaroon ng maayos na kalusugan.<br><br>3. Sinisiguro ng mga guro na maranasan ng mga bata ang karapatan sa pagkakaroon ng dekalidad na edukasyon.<br><br>4. Tinitiyak ng guro at mga opisyal ng barangay ang karapatan ng mga bata na makatira sa isang tahimik at | Panuto:<br>Magbibigay ang guro ng mga worksheet sheets na nagpapakita ng poster ng mga karapatan ng bata. Kailangang ito ay black and white. Pakulayan ito sa mga bata. Matapos kulayan ay isulat sa ibaba ng larawan kung ano ang mensaheng ipinahihiwatig ng poster.<br><br><br><br><br>https://tse2.mm.bing.net/th?id=OIP.iaJOw8oUmvprvPvyy5e7DgAAAA&pid=Api&P=0&h=180<br>**Mensahe:**<br><br>______________________<br>(Ang ibinigay na larawan ay isang mungkahi lamang. Maaaring gumamit ng ibang larawan ang guro. | Panuto:<br><br>Ang Checklist ng Pagtatamasa ng Karapatan.<br><br>(Tingnan ang nakalakip na checklist) |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ___3.<br><br>___4.<br><br>___ 5.<br> | payapang komunidad.<br><br>5. Ang mga pulis naman at iba pang tagapagpatupad ng batas ang nangangalaga ng karapatan ng mga bata sa isang ligtas na kapaligiran. | Gagamit din ang guro ng rubrik sa pagmamarka ng natapos na gawain) | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | https://www.canva.com/design/DAGJHrVT08A/IycD4ex1jtYwSw2NLDgPvg/edit | | | |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Magtanong sa mga kasama sa bahay ng mga karagdagang kaalaman tungkol sa mga karapatan ng bata.<br><br>**Kasunduan**:<br>Piliin sa mga karapatan na binibigay na sa iyong mag anak ang ikinatutuwa mo. Kunan o pakuhanan ng larawan | Ipadala ang sumusunod na mga materyal sa gawain sa susunod na araw.<br>1. 1/8 na illustration board<br>2. pandikit<br>3. mga larawan ng karapatan ng bata<br>4. pangkulay at gunting | | |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Rubrik para sa Mensahe ng Larawan (Day 3)**

| Pamantayan | 5 - Napakahusay | 3 - Katamtaman | 1 - Kailangan ng Pagpapabuti |
|---|---|---|---|
| **Kalinawan ng Mensahe** | Napakalinaw ang mensahe. | Bahagyang malinaw ang mensahe. | Hindi malinaw ang mensahe. |
| **Kaugnayan ng Mensahe sa Larawan** | Lubos na nauugnay ang mensahe sa larawan. | Katamtamang nauugnay ang mensahe sa larawan. | Hindi nauugnay ang mensahe sa larawan. |

**Pagmamarka ng Mensahe ng Larawan:**

- Basahin at unawain ang mensahe ng bata sa kanyang larawan.
- Gamitin ang simpleng rubrik upang markahan ang kalinawan ng mensahe at ang kaugnayan nito sa nilalaman ng larawan.


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

Checklist ng Pagtamasa ng Karapatan

Panuto: Lagyan ng Tsek (/) kung ito ay iyong nararamdaman o nararanasan at Ekis (X) kung hindi.

| Kriterya | Oo (/) | Hindi (x) |
|---|---|---|
| 1. Ako ay nagkakaroon ng kaalaman at karunungan sa pamamagitan ng pag-aaral. | | |
| 2. Ako ay nagiging masaya at malusog sa pamamagitan ng paglalaro. | | |
| 3. Ako ay ligtas at komportable dahil may tahanan kami. | | |
| 4. Ako ay nagkakaroon ng kakayahan at talento sa pamamagitan ng paghahasa ng aking kakayahan. | | |
| 5. Ako ay nakakaramdam ng pagmamahal at suporta mula sa aking mga magulang. | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph